# Donasyong mga gamit pamatay sunog sa GMA BJMP P2



REVANZE


Domz B. Caoile

## Of faith, prayers: Happy Birthday to me!

» Basahin sa , PG. 4

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOL. 4 NO. 13 P10.00 DECEMBER 22-28 , 2025

## GenTri Senior Citizens celebrate a Joyful Christmas Party with Mayor Jonjon Ferrer



» STORY ON , PG. 7



CONG. ADVINCULA

# Indang's Barangay Daine 1 Wins Top Environmental Awards

**BARANGAY Daine 1 of Indang, Cavite has emerged as a model of environmental stewardship after receiving two prestigious awards from the Department of Environment and Natural Resources – Environmental Management Bureau (DENR-EMB) Region IV-A.**



The recognition highlights the barangay's outstanding efforts in protecting waterways and promoting sustainable practices.

The community, led by Punong Barangay Arnold Pegollo, was named Best in Solid Waste Management Practice – Upland Category and Gawad Taga-Ilog Grand Champion – Upland Category.

These awards were conferred by DENR-EMB in partnership with 17 national government agencies and

» Story on , PG. 2

## Imus City Brgy frontliners receive Yuletide gifts

**THE strength of a city begins at the grassroots, and this Christmas season, 3td Cavite District Congressman AJ Advincula underscored the vital role of barangay functionaries by extending a heartfelt gesture of gratitude and support.**

Imus City barangay officials and workers received assistance and tokens of appreciation from y Advincula as part of his continuing advocacy to uplift communities.

In his message, Advincula noted that barangay functionaries embody the spirit of public service, working beyond the call of duty to maintain peace, order, and welfare in their communities.

» Story on , PG. 2

## Carmona City government honors two nonagenarians



CITY Mayor Dahlia Loyola, together with Vice Mayor Cesar L. Ines, Jr. and members of the Sangguniang Panlungsod, led a heartfelt tribute to two of Carmona's beloved nonagenarians, aged 90 to 99 years old.

The nonagenarians were awarded a Plaque of Recognition and a one-time incentive of P50,000, in accordance with the city ordinance.

» Story on , PG. 2



EDUCATOR'S BOOTH

Antonio G. Papa, Phd. D.

## Misnomer about Christmas

» See Story on , PG. 8

## Gov. Remulla pays tribute to provincial government public servants

**THE Provincial Government of Cavite paid tribute to the unwavering dedication and loyal service of its public servants, recognizing their vital role in maintaining peace, order, and progress across the province.**

Governor Francisco Gabriel'Abeng' Remulla expressed his heartfelt gratitude to the men and women in uniform, as well as government employees, who continue to serve with integrity and compassion.

In his message,

» Story on , PG. 2




## Mayor Salamat honors Councilor Resurreccion on his death SEE PAGE 2

## RPT (Amilyar) dapat nang ibasura? PAGE 7

# Rep. Loyola, Mayor Carranza join SAFPRAI Christmas celebration

**THE Silang AFP Retirees Association, Inc. (SAFPRAI) marked a joyous holiday gathering with its members, joined by distinguished guests led by Cavite 5th District Congressman Roy M. Loyola and Silang Municipal Mayor Edward 'Gented' Carranza.**



The event was a heartfelt celebration of camaraderie, gratitude, and recognition for the nation's retired soldiers.

During the program,Loyola expressed his deep appreciation for the veterans, calling them true heroes who continue to inspire the community with their service and sacrifice.

Loyola emphasized that their legacy of discipline and patriotism remains a guiding light for future generations.

Mayor Carranza likewise extended his warm greetings, underscoring the importance of unity and the spirit of Christmas in strengthening bonds within the association and the wider Silang community.



He commended SAFPRAI for its active role in fostering solidarity among retired servicemen and their families.

The celebration was also attended by local leaders including Silang Municipal Councilor Ara Loyola, Councilor Carlo Madlansacay, and Councilor Ari Velazco, who joined in honoring the retirees and sharing festive cheer.

Their presence reflected the strong support of Silang's leadership for the welfare of veterans.

«INDANG'S... »FROM PAGE 1

representatives from the academe, ensuring credibility and high standards in the judging process.

Key to this achievement was the collaboration between the barangay and the Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) under Engr. Alona M. Yap, with full support from Mayor Virgilio Fidel. Their joint initiatives focused on proper waste management, river protection, and community discipline in environmental governance.

The recognition underscores Indang's commitment not only to progress but also to ecological preservation. By prioritizing the health of its rivers and natural resources, the municipality demonstrates that development and environmental care can go hand in hand.

This victory serves as inspiration for other communities in Cavite and beyond. Indang's success story proves that with unity, discipline, and strong leadership, local governments can champion sustainability and secure a greener future for generations to come.

# Donasyong mga gamit pamatay sunog sa GMA BJMP

**DALAWAMPUNG emergency light at 19 na fire extinguisher ang donasyong tinanggap ng mga opisyal ng Bureau of Jail Management and Penology sa General Mariano Alvarez (GMA) mula kay Mayor Ed Custodio.**

Pinasalamatan ni GMA BJMP chief Inspector Ramon Carolino ang donasyong gamit pamatay-sunog na sinabi na malaking tulong ang mga iyon para sa mabilis na aksiyon sakaling may mangyari sunog sa piitan.

Ikiinagalak naman ni Mayor Custodio ang pagtanggap sa donasyon at sinabi na laging handang tuimulong ang pamahalaang lokal para sa kaligtasan hindi lamang ng mga detenido kungdi ang buong komunidad. / Politiko.Com/JW Bilbao




# Mayor Denver Chua thanks wife for giving him a beautiful life



**CAVITE City Mayor Denver Chua shared how much he appreciates his wife Dani as he greeted her on her birthday recently.**

In a Facebook post, Chua thanked Dani for giving him a beautiful life with their two beautiful children.

He said Dani shows them love, patience, and strength everyday.

"They are who they are because of her," he added.

The mayor said his wife 's a superwoman and supermom!

"Happy birthday to my amazing wife, Dani Chua."

He added, "You've given me a beautiful life and two wonderful kids, and every day you show us love, patience, and strength. We are who we are because of you."

"We love you so much! Happy Birthday my love! Always and forever," Chua posted./ Politiko.Com.Ph .

«IMUS CITY... »FROM PAGE 1

The Christmas program served not only as a distribution of aid but also as a symbolic reminder of unity and shared responsibility.

Through initiatives under his #CONGkretongAJenda and #AlagangAdvincula programs, Advincula continues to champion projects that prioritize grassroots empowerment, ensuring that every Imuseño feels the impact of governance that is both inclusive and compassionate.

«GOV. REMULLA.. »FROM PAGE 1

Governor Remulla underscored the importance of unity and discipline in governance, noting that the collective effort of public servants reflects the principle of "Mula sa Bayan, Para sa Bayan."

He highlighted that Cavite's success is built on the sacrifices and hard work of those who dedicate their lives to public service.

The recognition ceremony served as a reminder that true progress is achieved when leaders and citizens work hand in hand.

Governor Remulla reaffirmed his administration's commitment to supporting programs that uplift public servants, strengthen institutions, and promote good governance.

«CARMONA CITY... »FROM PAGE 1

The initiative reflects Carmona's dedication to providing tangible support and appreciation to its senior citizens, ensuring that their contributions and resilience are celebrated.

Mayor Loyola emphasized that caring for vulnerable sectors, especially the elderly, is a cornerstone of her administration's vision.

She noted that the recognition program is not only a financial aid but also a symbolic gesture of respect and gratitude for the sacrifices and legacies of Carmona's senior residents.

The families of the honorees expressed deep appreciation for the local government's effort, highlighting how such programs uplift the spirits of the elderly and strengthen the bond between the community and its leaders.

# MAYOR SALAMAT HONORS COUNCILOR RESURRECCION ON HIS DEATH



**ALFONSO Mayor Randy Salamat paid tribute to Councilor Lito Resurreccion as he mourned his death.**

In a Facebook post, Salamat thanked Resurreccion for his years of service to Alfonso.

He said Resurreccion was more than a public servant, he was also a true friend and a pillar of compassion and goodness for every Alfonso resident.

"Ang inyong kababaang-loob at malasakit sa kapwa ay mananatiling buhay sa alaala ng ating bayan," he said.

He also extended his condolences to Resurreccion's family and loved ones./Politiko.Com.Ph

# 10 Taon ng Pagkakaisa: Sinaitenians of British Columbia

ni Doc Roemer Ilustre Cablayan

**AKALAIN natin, ang munting balitaan noon – may 10 taon na ang nakararaan, petsa Abril 15, 2015 – ang samahan itinatag natin, naririto pa rin, buong-buo, matibay at lalo pang tumatatag.**

Nitong Disyembre 6, 2025 sa Composite Masonic Bal sa Vancouverl, isang masaya, makulay at makasaysayang pagdiriwang ang



ating ginanap – ito ay bilang paggunita sa ating 10th Year of Founding of the Sinaitenians of Britisth Columbia, BC.

Ang Sinaitenians ay binubuo ng mga magkababayan, magkakapitbahay, magkakamag-anak mula ating munti ngunit isang maunlad na bayan ng Sinait sa Ilocos Sur.

Tayo ay nangibang bansa, dito sa malayong bansa ng Canada upang tuparin ang pangarap na magkaroon ng magandang kinabukasan para sa ating pamilya at minamahal.

Natupad na ito at patuloy pang natutupad ang iba pang pangarap para sa bagong kabataang Sinaitenians na dito na isinilang at nagbubuo na rin ng kanilang parangap sa kinabukasan,

Naalala nyo, noon ay isang munting grupo lamang tayo na makalipas ang 15 taon na, ang Sinaitenians ay isa nang malaking grupo at isang organisasyong may malinaw na layunin: panatilihin ang kultura, kaugalian mula sa ating bayan ng Sinait, at magtulungan sa panahon ng pangangailangan, at magbigay ng suporta sa isa't isa, at sa mga bagong dating na kababayan sa Canada.






Mga unang opisyal – sina Pasky Flores, Oscar Bautista, Roemer Cablayan at Darwin Ines – na matatawag na interim officers at lahat kami ay pinagsumikapan na mapalago ang Sinaitenians, at dahil sa sama-samang pagkakaisa, pagtutulungan ng mga bagong kasapi, ang Sinaitenians ay napakasigla sa mga okasyong tulad ng taunang anibersaryo, Pasko, Bagong Taon, o kahit simpleng pagsasama at pagsasalo-salo, kuwentuhan at kumustahan sa mga parke, lalo na kung panahon ng Summer at nagdaraos tayo ng Independence celebration tuwing Hunyo 12.

Isa sa maipagmamalaking advocacy natin ay ang pagtulong sa mga kababayan dito at sa Pilipinas sa panahon ng kalamidad, o ang pakikiramay sa pagkawala ng isang minamahal sa buhay.

Sa nakaraang 10th year natin, iyon ay isang Gabi ng Pasasalamat at Paggunita.

Sa pagsisimula, nagbigay ng mensahe si Uncle Pasky Flores na ikinuwento ang maikling kasaysayan ng pagkatatag ng Sinaitenians, at pagpapasalamat sa lahat sa patuloy na pagtitiwala at pakikiisa ng bawat miyembro.

Sumunod na nagbigay mensahe ay si Uncle Oscar Bautista na ipinaalaala na ang ang tunay na lakas ng samahan ay hindi nasusukat sa



dami ng proyekto, kundi sa tibay ng ugnayan at malasakit na ipinapakita ng bawat isa.

Nagbigay ring ng munting mensahe ng pasasalamat ang inyong lingkod, at



nagmungkahi ng ilang bagay upang mas mapatibay pa ang ating samahan para sa ating mga anak, sa mga Kabataang Sinaitenians na dito na ipinanganak at lumaki.



Sa gitna ng pagsasaya, nagkaroon tayo ng masayang pagsasalo-salo ng masasarap na pagkain, inuman ng paborito nating inumin, at nagkaroon tayo ng mga palaro, kantahan, sayawan at kumustahan at kuwentuhan.

Sa pagtitipon din, naghalal tayo ng mga bagong opisyal para sa taon 2026, sila ay ang sumusunod: Pio Belarmino, president; Eric Yago, vice president; Sharon Salcedo Yadao, secretary at treasurer, at sina Shallow Yadao, Winston Paguirigan, Lorenz Paguirigan, Felipe Reyes, Marcos Lived, Angelito Corpuz at Reggie Ibe, Sgts-at-Arms.



Kami po mga dating pangulo ang tumatayo bilang Board of Advisers at lagi po handang magbigay ng tulong at suporta sa mga programa at proyekto na nanaising ipatupad ng ating bagong opisyal.

Nagpasalamat naman ang ating President Pio Belarmino





sa tiwala at suporta natin, at totoong masaya tayong lahat sa kanyang madamdaming mensahe.

"Ngayong taon, ang tunay nating misyon ay mapabuti pa ang ating samahan, at magkaroon tayo ng isang komunidad na ang bawat Sinaitenians, at ang bawat kapwa natin Pilipino ay maging isang community na may pagtutulunga para sa ating mabuting kinabukasan," sabi ni Pres. Belarmino.

Aniya, "Malayo man tayo sa ating sinilangan, sa ating pagkakaisa, mananatiling buhay ang diwa ng bayanihan, malasakit, at pagkakapatiran nating kahat."

Mabuhay ang Sinaitenians of British Columbia!

# Of faith, prayers: Happy Birthday to me!

**MARAMING salamat po, Ama, naririto ako, patuloy sa masiglang pagpupuri sa Iyong kabutihan, at patuloy na pangangalaga sa aking kalusugan, sa aking pamilya at mga minamahal sa buhay.**

Today, I am living my life with simple joys – ang aking maybahay, mga anak, mga apo at mga katropa sa munting hanapbuhay at ang pagiging munting publisher at patuloy pa ring pagsusumikap na maging mahusay na journalist

`Today, I am celebrating my __ birthday, (sorry, batambata pa) and after my morning prayers, I opened the window inside my little room, and the morning light greets me, whisper to me, “Brother Domz, happy celebrations to you.”

Yes, I never imagined that life would test him so deeply.

Kailan ba iyon nang madiagnosed ako na may sakit sa puso?

I was shocked, yes, I was when the doctor told me that I am suffering of a serious heart ailment: binalot ako ng matinding pangamba, kung kailan pa nagsisimula kami ng mga katropa na maglabas ng isang weekly paper (ito pong BantayBalita), saka pa ako magkakasakit?

I am not the kind of a person to slow down: e sa trabaho at propesyon sa diyaryo, maliksihan ang kilos, hindi pwede ang pabagal-bagal, and my doctor told me, hinay-hinay lamang, if I want to stay alive!

My doctor advised me, I have to learned to move carefully, to rest when needed, pero tumatanggi ang isip ko, ang katawan ko, kailangan kong magtrabaho para sa pamilya ko at sa mga taong umaasa sa pahayagang ito.

Kaya, madalas, kung bigla akong manghina, deretso ako sa PGH, lagging dumadaan sa maraming medical check-up, laboratory test, blood test, at iba pang diagnosis, at regular na pag-inom ng mga gamot – na very expensive na, ang hirap pang hanapin kung saan mabibili.

And as if fate were not yet finished, natuklasan na may sakit ako sa bituka, at ito ang dahilan ng pananakit ng tiyan ko – may colon cancer yata ako?

Salamat hindi naman pala, but still sa mga gabi ng pagtulog ko, nakararamdam ako ng pangamba – what if totoo na iba ang kahulugan ng pananakit ng tiyab ko.

But I told myself: nasa isip ko lamang ang takot, and I have to be strong,

Mga gamot, makakatulong; mga pag-aalala at pagmamalasakit ng kapamilya, mga katropa, tunay na makapagpapagaling sa akin.




Pero iba ang pananampalataya, ang pananalig at pagpuno ng pag-asa sa magagawa ng pagtitiwala sa ating Ama, at sa ating Panginoong JesuCristo.

Kaya ng pananalig, ang pagtitiwala ang anomang karamdaman.

I turn to prayers, at ang laging pagsamba, sa pagtupad sa mga tungkulin na magpuri, magsakripisyo at laging magpasalamat sa ating Amang Diyos at manalig sa ating Panginoong JesuCristo.

I always pray, not for miracles, not even for what I am suffering from to vanish, hindi po.

What I prayed for and continue praying is that I may be given enough courage, sapat na lakas ng loob, ng matatag na tapang ng kalooban, yes, the courage to endure the treatments.

Mga panalangin na bumuti ang kalagayan ng buhay at kalusugan ng aking pamilya, ng aking maybahay, mga anak, mga apo at mga kasama sa propesyon.

I pray hard that our Father Almighty to give me the courage to face each day with steadfast faith in Him.

At ang panalangin sa ating Panginoong JesuCristo na ipamagitan Niya ako sa ating Amang Makapangyarihan sa lahat.

Sa panghihina ko, mga dalangin ang nagpapalakas sa aking Espiritu at pananampalataya.

Kung may mga gabi na nakararamdam ako na parang pagod na pagod ako sa maraming gawain ko rito sa BantayBalita, nagtitikiop tuhod ako, lumalapit sa Makapangyarihang Ama sa lahat at ang Espiritu ko ay sumisigla, lumalakas pa kaysa dati.

Mas malakas magpagaling ang paghingi ng awa; mas nagpapatatag ang paghingi ng pagpapatawad sa mga pagkakamali na nagawa, at ang pagbabagong buhay.

I ask for another day, for another week, for another year and more.

At buong pasasalamat, naririto pa ang inyong lingkod.

One more day, yes; more more weeks, yes; one more months, one more years and more …

Last week, my doctor said, I am a getting well.

And today, I am writing this piece with gratitude: maraming pasasalamat po – for my life, for family and for the chance to keep going and carrying on.

Today on my __th birthday, maraming salamat po, Almighty Father for the gift of life, for the triumph of faith.

At tulad ng laging sinasabi ng aming Brother, compadre, Boss ET, maligayang pagtanda pa nating lahat.

**Salamat po muli, Ama, at happy birthday to me. (bantaybalitanews59@gmail.com)**

# Naic holds Thanksgiving and Blessing ceremony for new Regional Trial Court building



**MAYOR Rommel Magbitang led Thanksgiving and Blessing ceremony of the newly constructed Regional Trial Court – Branch 15 and Naic Municipal Trial Court held on Monday, December 15, at Barangay Latoria.**

In his message, Magbitang said that the the new facility represents a stronger bridge toward a more efficient and just judicial process.

He noted that the building will bring court services closer to the people of Naic, ensuring that justice is more accessible and responsive to the needs of the community.

The ceremony highlighted the collective gratitude of the town for this development, which is expected to enhance public service delivery and strengthen trust in the justice system.

Community leaders and residents joined in thanksgiving, recognizing the importance of the new court building in promoting peace, order, and accountability.

With this new judicial facility, Naic reaffirms its vision of being a municipality where justice is within reach, and where public service is continuously strengthened for the benefit of every Naicqueño.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay naTubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantayblitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

HENRY E. CAOILE
Founder
DOMZ B. CAOILE
Publisher
ELI RAMOS TAPARAN
Editorial Consultant
JANETH W. BILBAO
Circulation Manager
GENE T. TAN
Chief of Reporters
ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director
JIMMY C. SABERON
Layout & Design

member
papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artkulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal: gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sas iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahng sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sino mang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAY BALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinion expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# MGA SABIT SA KORAPSIYON, MAGSISI, MAGTAPAT NA KAYO!



MAKIKIRAAN PO

Janeth W. Bilbao

**MAY babala o masamang pahiwatig yata ang isang Facebook post ng isang Junne Palacio Abejuela, Biyernes Dis. 19.**

Pag-aalala sa kaligtasan ng ilang personalidad ang nilalaman ng mensahe ni Abejuela, at ito ay tungkol sa imbestigasyon tungkol sa maanomalyang pagsimot sa badyet ng mga palpak, di-tinapos at guni-guni o ghost project na inimplementa ng DPWH.

Trending ang biglang pagkamatay ni dating DPWH Undersecretary Cathy Cabral na inuugnay sa flood control scandal, at ang mga netizen ay nagtatanong: may nagtulak ba o nagpatihulog sa ito sa bangin?

Ayon kay Abejuela, bago ang pangyayari kay Cabral, dalawa raw engineer ng DPWH ay kapwa raw nagpakamatay.

Hindi tinukoy pangalan ng dalawang nagpakamartay, isa ay taga- Ilocos Norte at isa ay taga-Sorsogon.

Wika ni Abejuela: "So let's pray for the safety of Fmr ES Bersamin, Fmr DBM Secmenah Pangandaman, DoJ Usec Jojo Cadiz, DepEd Usec Olaivar and Fmr Usec Bersamin.."

Ayon sa mga balita, umano, si dating Exec. Secretary Lucas Bersamin ay may kinalaman sa P100-billion insertion na ipinondo sa flood control scam, gayundin ang nag-resign na Budget Sec. Amenah Pangandaman, dating Justice USec Jojo Cadiz na tinukoy na "bagman" daw ng salapping kinurakot mula sa 2025 national budget at gayon din ang paratang kay dating DepEd USec Olaivar at dating USec Bersamin, umano ay apo sa pamangkin ni ES Lucas Bersamin.

Sa maraming post sa social media, may nagpapayo sa mga may alam, may kinalaman at mga suspek sa pinakamalaking koraspsiyon sa kasalukuyang administrasyon na sila ay magkusa nang magtapat nang buong katotohanan at isiwalat, isapubliko ang mga hawak na dokumento, ebidensiya, files at iba pa.

Gawin na raw nila ito upang matapos na ang imbestigasyon at matukoy ang mga totoong salarin, mga tunay na utak ng pandarambong sa pera ng taumbayan.

At kung sinoman sila, mapanagot, maparusahan at maligtas ang mga totoong walang kasalanan.

Sa isang Facebook post, sinabi ni Batangas Rep. Leandro Legarda Leviste na nakausap niya noon si Cabral at binigyan siya ng mga files sa computer na doon nakalista ang mga totoong may kinalaman sa korapsiyon, at kung iyon ay mabubusisi nang husto, "tapos na ang imbestigasyon."

Sa isang post din sa social media, sinabi naman ni Atty. Vic Rodriguez na ang computer ni Cabral ay nawawala at may pangamba na iyon ay hawak na ng awtoridad.

Sa mga sabit at nagpayaman sa korapsiyon, magsisi at magtapat na kayo, aminin ang kasalanan, isauli ang mga dinambong nyo, kungdi sisingilin kayo ng Tadhana o wag nawang mangyari, patayin kayo – sa utos ng mga totoong utak sa korapsiyon.

## EDITORIAL

# Happy New Year po!

**KAMI po sa editorial ng BantayBalita, ay buong pusong binabati kayo – mga minamahal at mga giliw na mambabasa, tagatangkilik, tagapagtaguyod, manunulat, at katuwang sa pamayanan – ng isangmadamdamin, mainit na pakikiisa sa pagdiriwang ng Bagong Taon 2026.**

**Tanggapin po n'yo ang aming mainam na pasasalamat pagkat bawat linggo, bawat isyu ng BantayBalita, ay matamis po nyo kaming tinatanggap sa inyong mga tahanan, opisina, at araw-araw na buhay.**

**Patunay po ito sa inyong pakikiisa sa amin, at pagbibigay tiwala sa aming patnugutan, at isang matibay na bigkis ng ating pagsasamahan.**

**Ito ay isang tiwalang lubos naming pinahahalagahan.**



**Hindi magaan, manapa, maraming hadlang at problema na hinarap ang patnugutan bago namin naumpisahan at patuloy na naitataguyod ang publikasyong ito.**

**At dahil sa inyo pong pagititiwala, naririto pa kami, nananatiling lumalaban, sumusubok at nagtatamo ng munting mga tagumpay.**

**Ang nagdaang taon ay may dalang magagandang karanasan na aming magiging matibay na tuntungan ngayong taon 2026 at dahil po sa inyo, kami ay mananatiling matatag at puno ng pag-asa.**

**Inspirasyon namin, mga giliw at minamahal naming kabisig at katropa, ang inyong mga kuwento, opinyon, at ang inyo pong walang sawang suporta ang siyang nagbibigay sa amin ng lakas at tatag sa aming mga gawain.**

**Bawat komento, kuwento at bawat pagbabahagi ng artikulo, bawat balita, bawat impormasyon, abiso o anunsiyo, at bawat salitang nagbibigay-lakas mula sa inyo, ang mga ito po ay nagpapaalala sa amin ng kahalagahan ng patuloy naming paglalathala ng BantayBalita bawat linggo.**




**Kayo po ay napakalaking sangkap namin sa lokal na pamamahayag.**

**Umaasa kami, ngayong Bagong Taon 2026, kayo ay patuloy naming kasama, kabisig sa aming tungkuling magpahayag ng inyong mga kuwento, damdamin, hinaing at pananalig.**

**Dahil po sa inyong tiwala, magpapatuloy kami sa aming tungkulin: ang ilahad ang mga kuwentong humuhubog sa ating mga kapitbahayan;, opo, kami ang inyong magiging bibig, tinig; tainga, tagapakinig, mga mata, tagamasid at mga puso at kamay na magbibigay buhay sa inyong mga kuwentong puno ng katatagan, pagkamalikhain, paglilingkod, at pag-asa.**

**Opo, ang BantayBalita ay mananatiling matapat saa pagbibigay ng patas na balita, makabuluhang komentaryo, at mikroponong magbibigaytinig sa inyong naisin at adhikain.**

**Nawa, tanggapin ang aming panalangin: maibigay nawa sa inyo, mga giliw naming mambabasa at mga tagatangkilik, ang mabuting kalusugan, bagong sigla, at lakas ng loob at tapang sa pagharap sa maraming pagsubok ngayong 2026.**

**Nawa maging maaliwalas ang ating bawat araw, at maging bagong taon ito ng bagong pag-asa, bagong lakas at tibay sa mga bagong pagkakataon at mabigyan tayo ng mas matibay na ugnayan, at mga biyaya na ibibigay sa atin ng Panginoong Maykapal.**

**Mula sa aming Management, Editorial-NewsRoom, maraming salamat sa patuloy ninyong pagtitiwala at pagsama sa aming paglalakbay.**

**Happy New Year 2026 po!**

# 3 tulak inaresto sa pagbebenta ng 'Tuklaw'

**SA detention bumagsak ang tatlong tao na residente ng Bacoor City matapos na dakmain sa isang matagumpay na buy-bust operation, Miyerkoles ng gabi, Disyembre 24.**

Nakalista bilang steet level individuals, kinilala sila na si alias 'Tol, residente ng Barangay Sinbanati, alias 'Jeo;, at alias 'Jaypee,' kapwa residente ng Brgg. Dulong Bayan.

Nasamsam ng Bacoor Component City Police Drug Enforcement Team (BCPDET) sa mga suspek ang 14 ng tinatawag na "Tuklaw,' – mga sigarilyo ng pinatuyong halaman na' na may halagang P7,000.

Nakuha rin sa kanila ang isang supot na plastic may bigat na tatlong (3) gramo na hinihinalang pinatuyong dahon ng marijuana na may P1,000 at kasama sa sinamsam ang bust-bus money at t dalawang (2) maliliit na itim na kahon na may tatak na brand ng sigarilyo

Sinampahan na ng mga kasong paglabag sa Section 5 at Section 11, Article II ng Republic Act 9165 2002) ang tatlong suspek. / Janeth W. Bilbao-

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE CORNELIO ALGARA WHO DIED ON APRIL 16, 2000 AT BRGY. SALAWAG, DASMARIÑAS CITY, CAVITE AND CRESENCIA ALGARA WHO DIED LAST OCTOBER 15, 2025, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF DASMARIÑAS, PROVINCE OF CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-71307, CONTAINING AN AREA OF SIX HUNDRED (600) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA, UNDER DOC. NO. 419 PAGE NO. 84 BOOK NO. III, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 18, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 22, 29 & JANUARY 5, 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ADAM ARIES CUADRA RORALDO**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE ADAM ARIES CUADRA RORALDO WHO DIED ON AUGUST 2, 2020 AT BGRY. STA. MERCEDES, MARAGONDON, CAVITE, LEFT A MOTOR VEHICLE DESCRIBED AS FOLLOWS:

MAKE: MITSUBISHI
YEAR MODEL: 2019
C.R NO.: 35572 691-0
PLATE NO.: DAM6092
TYPE OF BODY: HATCHBACK
MV FILE NO.: 0401-00000981122
CHASIS NO.: PAEA 03TJKKA 003378
ENGINE NO.: 3A92 UHP 7711

EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CHERELIE D. BUGARIN, UNDER DOC. NO. 299 PAGE NO. 61 BOOK NO. III, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 16, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 15, 22 & 29, 2025**

**ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON SERGE AURE ROCILLO AND JONATHAN AURE ROCILLO WITH GENERAL RENUNCIATION OF RIGHTS**

MAY IT BE KNOWN THAT THE PARTIES AGREE TO MAKE THE ADDITION/ADDENDUM INSTRUMENT AS FOLLOWS: HEIRS OF SERGE AURE ROCILLO, VIRGINIA A. AMISTOSO (FORMER SPOUSE) A RESIDENT OF MABINI ST. MENDEZ, CAVITE, KENT TRISTAN AMISTOSO ROCILLO (SON) OF MABINI ST. MENDEZ, CAVITE, KREN DIANNE ROCILLO ASIO (DUAGHTER) OF MABINI ST. MENDEZ, CAVITE, HEIRS OF JONATHAN AURE ROCILLO, SUSAN SALANGO (DAUGHTER) OF MABINIT ST. MENDEZ, CAVITE, MICHAEL SALANGO ROCILLO (SPOUSE) OF MABINI ST. MENDEZ, CAVITE, THESE ADDITION/S IN ACCORDANCE OF REAL PROPERTY ARE THE COMPULSORY HEIRS OF THE LATE SERGE AURE ROCILLO AND JONATHAN AURE ROCILLO, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS, UNDER DOC. NO. 267 PAGE NO. 54 BOOK NO. VI, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 9, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**December 15, 22 & 29 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS AND DEED OF ABSOLUTE SALE OF A PORTION OF PARCEL OF LAND**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE VITO DIAZ AMON WHO DIED ON APRIL 18, 2004 AT BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS: TAX DECLARATION NO. AA-18-003198, SITUATED IN BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED THIRTY-FOUR (334) SQUARE METERS AND A RESIDENTIAL BLDG. SITUATED IN BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-18-0031-01399 CONTAINING AN AREA F SIXTY-SIX (66) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CHERILIE D. BUGARIN, UNDER DOC. NO. 320 PAGE NO. 65 BOOK NO. III, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 17, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 22, 29 & JANUARY 5, 2025**

**ADDENDUM TO THE EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON SPOUSES FELIPE T. REYES AND LYDIA CAMERINO**

MAY IT BE KNOWN THAT THE UNDERSIGNED PARTIES AGREE TO MAKE ADDENDUM/ADDITION DESCRIBED AS FOLLOWS: EDISON CAMERINO REYES MARRIED TO **SHIRLEY MAGDALUYO** REYES, BOTH OF LEGAL, PRINCIPE CAMERINO REYES OF LEGAL AGE AND MARILEN REYES CAJUDO, THAT THE SAID PERSON AGREED AND COVENATED HEREBY RENOUNCE WAIVER OF RIGHTS OVER THE MENTION PARCEL OF LAND IMPROVEMENTS ERECTED IF ANY UNTO ANABELLA REYES JARIN, KERBEE REYES JARIN AND KOBEE REYES JARIN, THESE ADDITION BE VALID ANY PROVISIONS IN THE DEED INCONSISTENT THEREWITH, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 195 PAGE NO. 39 BOOK NO. 180, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE APRIL 11, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**December 15, 22 & 29 2025**

**AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION OF ESTATE OF THE SPOUSES BONIFACIO MOJICA MABILIN AND EUGENIA GARCIA MABILIN**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE SPOUSES **BONIFACIO MOJICA MABILIN** WHO DIED ON OCTOBER 1, 2025 AT TRECE MARTIRES CITY, CAVITE AND EUGENIA GARCIA MABILIN WHO DIED ON APRIL 25, 2018 AT TRECE MARTIRES CITY, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN BRGY. DE OCAMPO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-141154) T-81657, CONTAINING AN AREA OF NINETY-FIVE (95) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 185 PAGE NO. 37, BOOK NO. 182, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE JUNE 9, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 15, 22 & 29 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF JOSEFINA ARNES: WITH DEED OF ABSOLUTE SALE (PORTION ONLY)**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE J**OSEFINA ARNES** WHO DIED ON NOVEMBER 14, 2015 AT JOSE R. REYES MEMORIAL MEDICAL CENTER, MANILA, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED AT BRGY. MANGGAHAN, GEN. TRIAS, CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2015034475, CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED NIENTY (390) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIASLLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 50 PAGE NO. 90 BOOK NO. 187, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 12, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 15, 22 & 29, 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE CLARITO M. BUSTAMANTE WHO DIED ON AUGUST 12, 1999 IN IBAYO ESTACION, NAIC, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2015010026, SITUATED IN THE BRGY. HALANG, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, CONTAINING AN AREA OF FIVE THOUSAND EIGHT HUNDRED FORTY (5,840) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 54 PAGE NO. 11 BOOK NO. 187, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 12, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 15, 22 & 29, 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE CLARITO M. BUSTAMANTE WHO DIED ON AUGUST 12, 1999 IN IBAYO ESTACION, NAIC, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-578840, SITUATED IN THE BRGY. IBAYO, SILANGAN, NAIC, CAVITE, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 55 PAGE NO. 11 BOOK NO. 187, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 12, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 15, 22 & 29, 2025**



**SALAMAT po: Tumanggap ng tulong pinansiyal – pambayad sa tuition, pambili ng mga gamit sa eskuwela at iba – ang 563 na solo parent mula sa pamahalaang Lungsod ng Imus.**

Bahagi ito ng programa ni Mayor Alex 'AA' Advincula na kahit paano ay matulungan ang mga solong ama at ina na maitaguyod ang edukasyon ng kanilang mga anak.

"Salamat po, Mayor AA. Malaking tulong po ito sa amin. May pandagdag na kami sa alawans ng estudyante ko," sabi ng isang ginang.

Nangako si Advincula ng mas marami pang tulong sa mga Kabataang Imuseno, na aniya," Sila ang pag-asa ng bayan sa susunod na henerasyon." /DB CAOILE

# GENTRI SENIOR CITIZENS CELEBRATE A JOYFUL CHRISTMAS PARTY WITH MAYOR JONJON FERRER

**THE Federation of Senior Citizens in General Trias (GenTri) held a heartwarming Christmas Party, bringing together the 62 chapter presidents and the Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA).**

The celebration was made extra special through the support and thoughtful gifts provided by One Team GenTri, ensuring that the city's beloved senior citizens felt honored and cherished this holiday season.

Mayor Jonjon Ferrer joined the festivities, expressing his gratitude and admiration for the senior citizens who continue to serve as guiding lights and sources of inspiration for the community.

He emphasized that their wisdom and dedication remain vital in shaping the values of the younger generation and strengthening the spirit of unity in General Trias.

The event highlighted the city government's commitment to caring for its elderly sector, recognizing them not only as recipients of support but as active partners in building a compassionate and progressive community

With laughter, music, and the spirit of Christmas, the gathering became a meaningful celebration of love, joy, and faith. It reflected the city's vision of "Alagang GenTri, Alagang Ferrer", where every citizen—especially the elderly—is valued and cared for.




# RPT (AMILYAR) DAPAT NANG IBASURA?

**ISA sa batas na dapat ibasura na ang tinatawag na Real Property Tax (RPT o amilyar).**

Noon pa, marami na ang nagtatanong: bakit patuloy – taon-taon – na kailangang buwisan ang biniling lupa at ari-arian na matagal nang binayaran ng buwis.

Hindi ito makatarungan pagkat bayad na iyon sa gobyerno nang bilhin, kasama ang iba pang bayarin, pagpapatitulo at iba pang ibinayad sa dokumento na patunay na pagmamay-ari.

Malupit ang batas sa di-pagbabayad ng amilyar: pagkumpiska ng gobyerno.

Kung hindi mabayaran, halimbawa ang isang piraso at tituladong lupa at bahay, ito ay idadaan sa subasta, ibebenta at ang mapagbibilhan ay kukuhanin ng gobyerno ang halaga ng buwis at multa at kung may sumobra, iyon lamang ang halagang matatanggap ng totoong may-ari ng ibinentang ari-arian.

May palugit na isang taon, ayon sa umiiral na batas, na bawiin ng may-ari ang naisubastang ari-arian upang muling mapasakanya iyon.

Dapat nang alisin o pawalang bisa ang RPT, pagkat ito ay anti-poor at kontra sa mahihirap na nagpakapagod, nagtipid at nagpakahirap sa loob ng maraming taon ng pag-iipon ng pera upang makapagmay-ari ng isang bahay at lupa, at matapos na makumpletong bayaran ang lahat ng kailangang buwis, babawiin ng gobyerno kung mabigong hindi makabayad sa amilyar.

Dobleng pagbabayad ito, isang uri ng double taxation na ibinabawal ng batas at sentido Kumon.

Iyo na ang pag-aari, muli at muling babayaran habang buhay!

Suportahan ang reporma sa batas ng amilyar at ipalaganap ang hashtag na #AbolishPropertyTax, ito ay upang muling mabuksan ang talakayan at diskusyon tungkol sa kapangyarihan ng gobyerno sa pribadong pagmamay-ari ng lupa at sa bigat ng ipinapataw na buwis sa mamamayan sa bawat taon.

# DOBLE KUPIT: P 926 MILYONG AKAP, P15 BILYONG MAIFIP NGAYON!

**DOUBLE payments, aka doble kupit.**

Naibulsa ng mga korap at hindi totoong benepisyaryo ang P926 milyong pondo para sa Kapos ang Kita Program (AKAP), ayon sa pagbusisi ng Commission on Audit (COA).

Sagisag iyon, " symbol of failure and blatant corruption," ayon sa COA at nangyari iyon sa pamumuno ni dating Speaker Martin Romualdez ng 19th Congress.

Mabantot ( fifthy pork barrel) na pagkupit sa pera ng taumbayan ang programang AKAP, sabi ng COA at ito ay ginamit sa pagbili ng mga boto, at naging mabisang panloloko sa masang Pilipino, at marami sa ponding ito, ay ibinulsa ng mga korap na politiko.

Kung ipamudmod ang AKAP funds, parang ito ay perang mula sa sariling pagsisikap ni Romualdez.

Wala na ba ang AKAP sa 2026 national budget?

Pinalitan na ito ng MAIFIP (Medical Assistance to Indigent and Financially Incapacitated Patients) na pinondohan na, aprubado na sa bicameral conference committee sa 2025 budget. /ET II

Ang alokasyon sa MAIFIP ay P51 bilyon.

AKAP din ito, iba lamang ang pangalan.

Kung pagtitibayin ito, may pagkakataon uli ang mga korap na politiko na mangupit ng bilyong piso.

Yung pangakong buburahin na ang talamak na korapsiyon, pangako lamang iyon.Dobleng kupit na naman ito, kapag pinirmahan ng Pangulo ang 2026 national budget.



**"STRIKE TV": Gusto mong malaman ang pinakasariwang impormasyon, anunsiyo, abiso at mga aksiyong nangyayari sa Lungsod ng Bacoor?**

Nitong nakaraang linggo, pormal nang inilunsad ni Mayor Edwin 'Strike' Revilla ang information channel na "Strike TV."

Ayon sa abiso publiko ni Mayor Revilla, ang "Strike TV" ay naglalayon na makapagbigay ng napapanahon, kagyat na impormasyon at mga pangyayari tungkol sa mga programa, proyekto at iba pang gawain ng pamahalaang lungsod para sa kaalaman, kabutihan at pakikipag-ugnayan sa mamamayan.

Gayundin, binuo ito upang maging tulay ng komunikasyon at talakayan sa mga isyu ng komunidad.

Mayroon ito ng live broadcast, interbyu at serbisyo publiko at balitaang hatid ng mga opisyal ng barangay at mga samahang sibiko.

Wika ni Revilla, ang "Strike TV" ay may layuning na maging matibay na bigkis ng mahusay na ugnayan ng mamamayan sa mga opisyal ng pamahalaang lungsod. /Eli Taparan II

# Misnomer about Christmas

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOL. 4 NO. 13 P10.00 DECEMBER 22-28 , 2025

**WHAT is this phenomenon called Christmas? Is it a Christian or a pagan practice?**

According to New Lexicon Webster's Encyclopedic Dictionary of the English Language (1992), Christmas is defined as the annual festival observed by Christians on December 25, commemorating the birth of Christ.

At this juncture, the date has been mentioned – December 25. As far as history is concerned, the birthplace of our Lord Jesus Christ was at Bethlehem in Israel.

If we are going to analyze the situation based on reality and eventuality, it could not be on December 25 because during Christ's birth, there are Shepherds and herds of sheep and lamb in the fields.

Meaning, it was not wintertime.

On December 25, it was winter in Jerusalem and there is snow in the field. The newly born infant



EDUCATOR'S BOOTH
Antonio G. Papa, Phd. D.

– Lord Jesus Christ – and his father and mother could not withstand the inclement weather while they are just staying in a barn, as has been portrayed.




One of the frequently asked questions that has been answered in the November 2017 issue of PASUGO (God's Message) is as follows: Why is Christmas not celebrated in the Church Of Christ?

The foregoing is the vivid response to the query and I quote:

"Not only are the word 'Christmas' and its observance not found in the Bible – its celebration is also riddled with pagan ways and practices, so we do not take part in it.

The Lord God strictly forbids His servants from adding anything in His commands (Deut. 12:32, New International Reader's Version) – warning of grave punishment to anyone who will do so (Rev. 22:18-19).

The apostles, on their part, admonished true Christians to completely shun pagan practices: '…Give up living as pagans do with their futile notions.

Their minds are closed, they are alienated from the life that is in God…' (Eph. 4:17-18, Revised English Bible).

The popular belief that Christ was born on December 25 has no basis in fact. The Holy Scriptures does not specify the date of Lord's birth. Walter Woodburn Hyde, a professor of Latin, Greek, and ancient history, testifies:

'The most widespread myth in Christendom is that of Christmas. Those who take the Bethlehem birth-story as history readily accept the traditional date of Christ's birthday. But all branches of the Church agree that no data exist for determining the day, month or year of the event nor was such a festival celebrated in Apostolic or early post-Apostolic times' (Paganism to Christianity in the Roman Empire, p. 249).

Regarding December 25 as the alleged birthdate of Christ, a Jesuit priest, Francis X. Weiser, wrote: '…the choice of December 25 was influenced by the fact that the



*Modern simulated birthing place of the Lord Jesus Christ – a barn, but is it true…?*

Romans, from the time of Emperor Aurelian (295) had celebrated the feast of the sun god (Sol Invictus: the Unconquered Sun) on that day. December 25 was called the 'Birthday of the Sun,' and great pagan religious celebrations of the Mithras cult were held all through the empire…' (Handbook of Christian Feasts and Customs, p. 61). Likewise, the customs and traditions observed during the Christmas season are pagan in origins. John F. Sullivan, a Catholic prelate explains:

'When we give or receive Christmas gifts, and hang green wreaths in our homes and churches, how many of us know that we are probably observing pagan customs? We do not wish to assert that they are good customs; but they undoubtedly prevailed long before Christian times. The Romans gave presents on the New Year's Day, and our bestowing of gifts at Christmas is a survival of that practice…' (The Externals of the Catholic Church, p. 208).

Did the true Christians of the first century celebrate Christmas? Sullivan explains further: '…There is no mention in any of the oldest list of Church festivals…' (Ibid, p. 204).

Just because we do not participate in the celebration of Christmas doesn't mean we ignore our Lord Jesus Christ.

On the contrary, by refusing to take part in the pagan practices attached to such observance, we honor our Lord Jesus Christ because we follow God's commands – no more, no less."

Hence, the December 25 dictum as the birthdate of our Lord Jesus Christ is a misnomer and has been proven unchristian. It is a pagan practice – devoid of God's teachings.

**If you want to know more about the things you ought to do to be saved come Judgment Day—the Second Advent of Lord Jesus Christ–– please call telephone numbers +632 981-4311 / 981-1111 / 719-78000 or address your queries at E-mail: pasugo@iglesianicristo.org.ph**